# Yunit ng Pagpapatatag ng Krisis ng Silangang Rehiyon(CSU)

Ikinagagalak ng County ng San Diego na ipahayag ang plano para sa bagong **Yunit ng Pagpapatatag ng Krisis ng Silangang Rehiyon (East Region Crisis Stabilization Unit, CSU)**. Bahagi ang bagong CSU ng hanay ng mga serbisyong pangkalusugang pangkaisipan na ipinamamahagi sa iba't ibang rehiyon sa San Diego County, at magbibigay-daan sa mga residente ng Silangang County (East County) na ma-access ang pangangalaga na kanilang kailangan.

| Pangkalahatang Impormasyon sa Pasilidad | |
|---|---|
| **Layunin** | Makapagbigay ng agarang suporta at mga serbisyong paggamot sa kalusugang pangkaisipan sa isang kalmadong kapaligiran para sa mga nasa hustong gulang na may malubhang pangangailangan sa kalusugang pang-asal na nangangailangan ng agarang pangangalaga na lampas sa kayang ibigay ng outpatient na serbisyong klinikal. |
| **Mga Serbisyo** | Inaangkop ang mga serbisyo sa bawat tao at ibinibigay sa panandaliang panahon, hanggang 24 oras, at maaaring kabilang ang mga sumusunod:<br>• Interbensyon sa krisis<br>• Pagsusuri sa kalusugang pangkaisipan<br>• Tulong sa gamot<br>• Therapy at suporta mula sa kapwa<br>• Mga mapagkukunan at ugnayan sa mga patuloy na serbisyong kalusugang pang-asal |
| **Pag-access sa mga Serbisyo** | Tumatanggap ng mga inihahatid ng mga ahensya ng kalusugan, kaligtasan, at pagpapatupad ng batas, o ng mga walk-in para sa mga nasa hustong gulang na edad 18 pataas. |

## Lokasyon:

Matatagpuan ang pasilidad sa El Cajon sa 200 S Magnolia Avenue at West Douglas Avenue. Malapit ang lugar sa pampublikong transportasyon at mga freeway para sa madaling pag-access, at sa iba pang mga serbisyong kalusugang pang-asal na nakabase sa Silangang County para sa ugnayan sa patuloy na suporta o paggamot.




*Isang biswal na representasyon ng Silangang Rehiyon CSU*

## Karagdagang Impormasyon

I-scan ang QR code upang ma-access ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga CSU at makita ang mga madalas itanong. Email **Engage.BHS@sdcounty.ca.gov** para sa anumang katanungan o komento.

*Pinakabagong update 12/22/25*

## Kumonekta sa Mga Mapagkuku

**Tumawag sa 888-724-7240** upang makakonekta sa **Linya ng Krisis ng San Diego (San Diego and Crisis Line)** para sa libre at kumpidensyal na suporta at tulong sa pag-navigate sa mga serbisyong available 24/7 sa higit sa 200 wika.

**Tumawag sa 988** upang makakonekta sa national **Linya ng Pagpapakamatay at Krisis (Suicide and Crisis Lifeline)** isang network ng mga sentro ng tawag para sa krisis sa buong bansa.